



Abiso ng Tagataguyod ng Komunidad at Mga Karapatan ng mga Biktima ng Krimen para sa mga Empleyado

Inaatas ng Protecting Hotel Employees from Harassing or Violent Conduct Ordinance (Ordinansa sa Pagprotekta sa mga Empleyado ng Hotel mula sa Mapanggulo o Marahas na Asal), Kodigo ng Munisipalidad ng Seattle (SMC, Seattle Municipal Code) 14.26 sa mga employer na hotel at pansuportang negosyo sa hotel na magbigay ng abisong ito para sa mga saklaw na empleyado na mga nakaligtas sa ipinaparatang na marahas o mapanggulong asal ng mga panauhin ng hotel.

Kung isa kang nakaligtas sa ipinaparatang na marahas o mapanggulong asal ng isang panauhin ng hotel, mayroon kang karapatan sa mga sumusunod:

- 1) ***Isang Tagataguyod ng Komunidad.*** Ang papel ng isang tagataguyod ng komunidad ay ang magbigay sa iyo ng libreng mga serbisyo sa adbokasiya sa anumang oras ng araw at sa lahat ng araw ng linggo. Magbibigay ng mga sumusunod na pansuportang serbisyo ang tagataguyod ng komunidad: a) ipaliwanag ang iyong mga karapatan sa ilalim ng SMC 14.26 at ang mga opsiyon mo para sa plano ng aksiyon; b) magbigay ng mga serbisyo ng referral upang matugunan ang iyong mga indibidwal na pangangailangan; at c) tulungan ka sa pag-uulat ng isang insidente ng marahas o mapanggulong asal ng isang panauhin ng hotel, kung nais mo itong gawin. Ang iyong pag-access sa mga serbisyong ito ay hindi nakadepende sa pag-uulat ng isang insidente ng hindi magandang asal ng isang panauhin; maaari mong makuha ang mga serbisyong ito upang masuri lamang ang iyong mga opsiyon.

Kinontrata ng Lungsod ng Seattle ang Sentro ng Mapagkukunan para sa Seksuwal na Pang-aabuso ng King County (KCSARC, King County Sexual Assault Resource Center), isang organisasyong pang-adbokasiya para sa mga biktima na base sa komunidad na mayroong 24 naoras na hotline, upang magbigay sa iyo ng mga mapagkukunan na ito. Maaari mong tawagan ang KCSARC upang makatanggap ng kumpidensiyal na mga serbisyo sa: 1-888-99-VOICE (1-888-998-6423). Upang matuto pa tungkol sa KCSARC, bisitahin ang <https://www.kcsarc.org/>.

- 2) ***Isang Tagataguyod para sa Biktima ng Krimen at Iba Pang mga Karapatan sa Ilalim ng RCW 7.69.030.*** Sa ilalim ng Nirebisang Kodigo ng Washington (RCW, Revised Code of Washington) 7.69.030, binibigyan ang mga biktima ng krimen ng ilang mga karapatan na naaangkop sa mga paglilitis sa kriminal na hukuman o hukumang pangkabataan. Kung ikaw ay isang nakaligtas sa mga marahas o seksuwal na krimen, may karapatan kang magkaroon ng tagataguyod para sa biktima ng krimen sa panahon ng mga pang-uusig o pandepensang panayam. Ang papel ng isang tagataguyod ng biktima ng krimen ay magbigay sa iyo ng emosyonal na suporta. Sa ilalim ng RCW 7.69.030, mayroon ka ring karapatan na magkaroon ng agarang access sa medikal na tulong nang walang hindi makatuwirang pagpapaliban at magkaroon ng taong pumapagitna sa iyong employer, kung kinakailangan, upang mabawasan ang bawas sa sweldo dahil sa mga pagdalo sa korte. Tingnan ang RCW 7.69.030 para sa karagdagang impormasyon na ibinibigay para sa mga nakaligtas mula sa krimen.

Para sa impormasyon tungkol sa mga serbisyo ng adbokasiya para sa mga biktima ng krimen, maaari kang makipag-ugnayan sa: Mga Serbisyo sa Suporta sa Biktima sa 1-888-288-9221 o KCSARC sa 1-888-998-6423.

- 3) ***King County Special Assault Protocol (Especyal na Protokol ng King County ukol sa Pananakit).*** Nagbibigay ang protokol na ito ng mga tuntunin para sa mga matulunging imbestigasyon at serbisyo sa mga kaso na kinasasangkutan ng mga partikular na krimen sa King County. Alinsunod sa RCW 26.44.180 at RCW 26.44.185, nakadiseno ang protokol na ito upang pagbutihin ang integridad ng mga imbestigasyon, protektahan ang mga interes ng mga biktima, suspek, at mga komunidad, at tiyakin na available ang mga angkop na serbisyo para sa mga nakaligtas at kanilang mga pamilya.

Ang mga employer at empleyado na mayroong mga tanong tungkol sa form na ito ay maaaring makipag-ugnayan sa Tanggapan ng Mga Pamantayan sa Paggawa (OLS, Office of Labor Standards) sa 206-256-5297 o bisitahin ang website sa <http://www.seattle.gov/laborstandards>.